Ang panalangin ko ay tanggapin ng bawat isa si Hesu-Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon. (Mga Gawa 2:37-47)
Ang nais ko ay tumakbo at manalo ng espiritwal na premyo. (1 Korinto 9:24-27)
Ang hangad ko ay matulungan ko ang mga walang pag-asa at may mga putol na bahagi ng katawan. (Roma 8:24-25)
Ang plano ko ay ibuyo ang mga tao na lampas an ang kanilang limitasyon. (Filipos 4:13)

Simula noong 2005, ako’y tumakbo na sa iba’t ibang paligsahan. Patuloy akong nag-oorganisa ng takbuhan para maging inspirasyon ng mga tao na lampasan ang kanilang natural na limitasyon. Sa mga karera na ito, nag-iipon kami ng pondo para tulungan ang mga nangangailangang tao na putol ang bahagi ng katawan sa mga umuunlad na bansa.

Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga nagsisitakbo sa takbuhan ay tumatakbong lahat, nguni't iisa lamang ang tumatanggap ng gantinmpala? Magsitakbo kayo ng gayon; upang magsipagtamo kayo. At ang bawa't tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay. Ginagawa nga nila ito upang magsipagtamo ng isang putong na may pagkasira; nguni't tayo'y niyaong walang pagkasira. Ako nga'y tumatakbo sa ganitong paraan, na hindi gaya ng nagsasapalaran; sa ganito rin ako'y sumusuntok, na hindi gaya ng sumusuntok sa hangin: Nguni't hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: baka sakaling sa anumang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay itakwil.

~

1 Korinto 9:24-27

Napagtanto ko na nais ng Diyos isulat ko ang kwentong ito matapos maputol ang aking paa – at muntik nang makitil ang aking buhay – dahil sa ako’y nakatapak ng isang bombang

pang-lupa noong 1985 sa aking bansang *Lebanon*.
Ako’y isang sundalong nakikidigma para sa aking bayan noong may labanan sa pagitan ng mga Kristiyano at Muslim, at pagpupunyagi at di pagkakaunawaan sa pagitan ng Israel at mga bansang Arabo.

Ilang taon ang lumipas, pumukaw-sigla sa akin sa pagbabasa ko ng Bibliya, sa kabila ng aking pagiging baldado, ang nais ng Diyos na ako’y maging isang mananakbo. Paano ako tatakbo gayong kahit pag-tayo at pag-lakad ay mahirap para sa akin? Napatawa ako sa aking naisip. Pagkatapos ay napagtanto ko na ang aking pagtawa ay naglantad ng aking pagdududa at di paniniwala, gaya nga ni Sara, ang asawa ni Abraham na tumawa nung sabihin ng Diyos sa kanyang asawa, *“Si Sara na iyong asawa ay magkakaroon ng anak na lalaki.”* At nagtawa si Sara sa kaniyang sarili, na sinasabi*, “Pagkatapos na ako'y tumanda at ang aking asawa ay magtatamo ako ng ganitong kaligayahan?”*
Walang imposible at napakahirap para sa ating Diyos, na natutunan nga ni Sarah noong siya ay bigyan ng anak nang sumunod na taon.

Para sa akin, ang isipin na muli akong tatakbo ay parang naging imposible; kakailanganin ko ng himala o isa lamang itong panaginip na maisasakatuparan lamang sa buhay na walang hanggan. Ngayon ay handa na akong alamin na ang pangako ng Diyos para sa akin na tatakbong muli ay hindi lamang sa buhay na walang hanggan, ngunit sa buhay ko din dito sa mundo. Sa lalong madaling panahon, umaasa akong magkaroon ng artipisyal na paa para muli akong makatakbo, at sa pamamagitan nito, ako ay magpapatotoo sa pag-asang ipinagkaloob sa akin ng Diyos para ipahayag sa iba.

Hindi ko intensiyon sa aking kwento na dagdagan o gamiting alternatibo ito para sa Bibliya, ngunit umaasa akong

magbibigay-linaw ito sa Mabuting Balita ng ating Diyos sa ating pakikidigma sa ating kaaway at kanyang mga kampon.

Noong 1975, nag-umpisa ang digmaang sibil sa Beirut, Lebanon. Ang bansa ay nahati sa dalawang pangunahing pangkat, ang pangkat ng mga *Leftist* na pinangungunahan ng mga *Palestinian Muslim Extremists*, na sinusuportahan ng ilang bansang Muslim, at ang pangkat ng *Rightist* na kinabibilangan karamihan ng mga Kristiyano (*Maronites,* Katoliko, *Orthodox* at iba pang grupo) na sinusuportahan naman ng iilang bansa sa kanluran at Israel. Ako ay labing-tatlong taon noon at bilang binata ay hindi ko alam ang pinag-umpisahan ng giyera. Lumaki ako sa *Beirut*, kapital ng *Lebanon*. Noong kapanahunan ng giyera lumipat kami sa timog ng *Lebanon* sa aking nayong *"Deir Mimas"*, na matatagpuan isang milya mula sa hangganan ng *Israel* at limampu at apat na milya mula *Beirut.* Sa dalawang taon ng pagtatalo, ang labanan ay dumako sa aming rehiyon. Ang mga Kristiyano sa timog *Lebanon* ay binantaan at tinakot ng mga maka-kaliwang mga Muslim, na karamihan ay kung tawagin ay *Shiites* sa lugar na iyon.

Ang aking tatay at aking mga tiyuhin ay mga Kristiyanong sundalo ng *Lebanon*. Naaalala ko pa na palipat-lipat kami ng nayon hawak ang kamay ng aking kapatid na babae at sa kabilang kamay naman ay hawak ang isang tinapay, tumatakbo para sa aming buhay at para may masilungan. Walang ibang pagpipilian ang mga lider na Kristiyano. Makipaglaban o mamatay. Humingi sila ng tulong armas, pagsasanay, at pagkain mula sa gobyerno ng Israel. Pumayag ang Israel, sinuportahan at sinanay ang daan-daang Kristiyano para makipaglaban at protektahan ang kanilang sarili. Isa ako sa mga ito. Ako ay isang bata sa giyera. Lumaki sa Katolikong Simbahan (kahit di ko kinaugalian ang aking relihiyon), bitbit ko ang aking mga sandata para protektahan ang aking pamilya at ang aking paniniwala at pagkakilala sa akin bilang Arabong

Kristiyano. Nakikidigma kami para sa kalayaan, demokrasya at umaasa ng kapayapaan sa Israel.

Noong mga 1980 sa Lebanon, matindi ang aking paniniwala na ang mga panatikong Muslim at ibang grupong komunista ay aking mga kaaway. Meron din akong natagpuang kaaway sa aking sarili. Kahit madami akong kaibigan, may kakulangan pa rin sa aking puso, at patuloy kong binibigyang kasiyahan ang aking sarili sa pamamagitan ng pag-iinom at droga. Gayon man, tuwing gigising ako matapos ang gabi ng kaaliwan, puno ng takot at sakit ang aking puso. Palagi akong nagmumuni-muni kung paano ako magbabagong-buhay at maging ganap na ibang tao. Dahil sa hindi ko malaman kung ano ang aking gagawin, patuloy akong naglingkod sa pagiging sundalo.

Taong 1982, at ako'y nahihirapan sa aking eskuwelahan. Sinakyan ko ang isang sasakyang military at pinarada ko sa labas ng kampus at pumasok ako suot ang aking uniporme. Hindi ko alam kung paano ko nalampasan ang taon na iyon, ngunit naalala ko ang aking pagka-kuntento sa mga grado ko sa pagtapos ng taon. Mababang grado man o hindi, pumasa ako at iyon ang aking layunin.

Sa taon din na iyon, ilang mga misyonaryong internasyonal ang dumating sa aking nayon at ibinahagi ang ebanghelyo ni Hesu-Kristo na tagapagligtas. Ang kanilang mensahe ay patungkol kay Hesus na siya lamang ang makapagbibigay ng kapahingahan, kapayapaan, at buhay na walang hanggan sa sino man na maniwala sa Kanya, pagsisihan ang kasalanan, at isuko ang buhay sa Kanya. Tatlo sa aking limang kapatid na babae, sina *Georgette*, *Loumana*, at *Diana*, ay tumanggap kay Hesus bilang tagapagligtas nila. Nagalit ako dito, lalo na noong mag-umpisa silang dumalo sa pagtitipon ng mga Kristiyano.

"Bakit di na lang kayo dumalo sa simbahan ng Katoliko?," aking paghamon. Sinubukan kong ihinto ang

kanilang pagtitipon. Sinimulang ipaliwanag ng aking mga kapatid na babae ang ebanghelyo sa akin at sinabi din nila kung anong nangyari sa kanila,
kung paano nabago ang kanilang buhay. Ang aking akala ay masasama ang mga taong kasa-kasama nila sa mga pagtitipon, at ginawa ko ang aking makakaya para hindi sila mapabilang sa grupo. Sa umpisa, malumanay na mga salita ang ginagamit ko para ma-kumbinsi ko sila na huwag nang sasama sa grupo, ngunit di ito epektibo. Sinubukan ko din silang kumbinsihin na kami ang tunay na Kristiyano, at kaya naming panindigan ang aming paniniwala. Ngunit walang nangyari. Gustung-gusto ng aking mga kapatid na babae na dumalo sa mga ganoong pagtitipon. Hindi ko pa sila nakita na ganoon kasaya, pero hindi ako nakumbinsi. Ginamit ko ang aking awtoridad bilang kuya nila. Tinago ko ang Bibliya nila, binantayan ko silang mabuti kung sila ay dadalo muli sa pagtitipon, at sinubukang pigilan sila. Pinasok ko pa minsan ang lugar kung saan sila nagtitipon, at sa lakas ng loob na bigay ng aking magulang, sinubukan ko sirain ang mga lugar kung saan sila nagtitipon. Sinunog ng aking tatay ang lahat ng Bibliya at mga libro ng aking mga kapatid na naglalaman ng doktrina ng Kristiyano.

Kahit na anong gawin namin paghinto sa kanila, lalo lamang lumalago sa pananampalataya ang aking mga kapatid na babae, at kahit paano nalaman kong ipinagdadasal nila ako. Lihim nilang inilalagay ang Bibliya sa aking sasakyan at sa ilalim ng aking unan. Aminado ako sa aking sarili na kurios akong malaman ang nilalaman ng Bibliya. Gusto kong basahin iyon nang walang nakakaalam. Hindi ko alam kung saang parte ko babasahin o kung saan ako mag-uumpisa. Kapag nasa tungkulin ako, binubuksan ko ang Bibliya at sinusubukang basahin, ngunit hindi ko maintindihan ang aking binabasa. Maraming panahon, kapag nauunahan ng takot, humihinto ako sa pagbabasa at sinasara ko ang libro.

Nakita ko ang mga pagbabago sa buhay ng aking mga kapatid at iba pang miyembro ng grupo. Parang meron sila noong bagay na matagal ko nang hinahanap. Masasaya at mapayapa sila. Naiinggit ako sa kanila. Ano ang nangyayari sa akin? Gustung-gusto kong manalangin, ngunit hindi ko alam kung paano mag-uumpisa. Gusto ko din dumalo sa kanilang pagtitipon, ngunit alam kong di ko iyon magagawa. Ang aking pagmamalaki at pagkatakot ang pumipigil sa akin na gumawa ng mga relihiyosong bagay. Kinakatakutan ko ang pwedeng maging opinyon ng ibang tao lalo na ang aking mga kaibigan. Ano na lang ang iisipin nila kung malaman nilang nag-umpisa na akong dumalo sa pagtitipon ng mga Kristiyano? Alam nilang lahat na ako'y ligaw. Alam nilang lahat ang aking masasamang gawain. Paano sila maniniwala na nakita ko ang pangangailangan kong magbago?

Sa kabila ng aking pagmamalaki at takot, sinubukan kong dumalo sa mga pagtitipon. Ipa-parada ko ang aking sasakyan malayo sa simbahan at maglalakad na lamang, na nagkukunwaring pupunta sa bahay ng kaibigan.
Sa aking pagpasok sa silid, uupo ako sa likuran, palaging tinatago ang aking mukha.

Sa isang okasyon, batid ko na parang ang lahat ay nakatingin sa akin na nagtataka at natatakot. Naalala ko pa sa aking isipan na ang lahat ng panalangin, mga awit, at pati ang mensahe ay nakatuon sa akin. Gusto ko na umalis, ngunit may nagpapanatili sa akin sa aking upuan. Kapag natapos na ang pulong, ako ang una na aalis sa kadahilanang ayaw kong kausapin ako ng mga tao. Isa sa mga lider ay nakatayo sa pintuan at naghiintay para batiin ako. Sinabi niya na masaya siyang makita ako at palagian daw akong tatanggapin ano mang oras. Bago pa man ako makaalis, isang tao din ang lumapit para kausapin ako, at pagkatapos ay isang grupo na ang naka-palibot sa akin, nagagalak na makita ako. Dahan-dahan ay umalis at tumakbo ako sa aking sasakyan. Di ko

mahintay magsindi ng isang sigarilyo at mabilis na umalis at nangakong hindi na babalik pang muli,
ngunit di ko maiwasan isipin ang mensahe, “Mga Anak ng Diyos, Kumikinang Gaya ng mga Bituin,” at kung paano hinikayat ng tagapagsalita ang lahat ng mananampalataya na ibahagi ang liwanag ni Hesu-Kristo sa iba.

Noong Oktubre 10, 1985, nakatangap ako ng utos mula sa *General Command* na dalhin ang aking hukbo sa isang misyon papunta sa teritoryo ng aming kaaway para sirain ang ilang *missiles* na nakatutok sa aming posisyon. Kasama ang aking mga kaibigan kinuha namin ang aming mga armas at pumunta sa lugar kung saan pinaghihinalaang naka-posisyon ang mga bomba. Sa aking pagparoon, ako ay dapat maging mapagbantay at alerto sa maaaring surpresa na gawin ng kaaway. Patuloy akong nakikipag-ugnayan sa *General Command* gamit ang *walkie-talkie.* Ang aming misyon ay sirain ang bomba ng kaaway bago mahuli ang lahat.

Lumabas kami sa aming mga tangke at sasakyan at nagbigay ako ng utos kung paano mapupuntahan ang lugar sa Bundok *Abu Kamha,* malapit sa Bundok ng *Hiram* na kung saan pinaniniwalaang natagpuan ang mga bomba. Maingat kaming umakyat ng bundok. Maya-maya lamang ay natagpuan namin ang tatlo sa mga bomba! Pagkakita ko sa mga ito, kinontak ko ang aking lider at sinabing ang unang parte ng misyon namin ay tapos na. Binigyan niya ako ng utos na ipawalang-bisa ang mga bomba na nakita namin bago pa ito paliparin.

Tumingin ako sa aking mga kaibigan, nag-*sign of the cross* sa aking mukha, at sinimulan gawin ang aking misyon. Ang mga bomba ay naka-konekta sa pamamagitan ng kawad sa isang orasan na sasabog sa loob ng labinlimang minuto. Kailangan kong gawin ito ng mabilis at maingat. Kailangan kong makita ang tamang kawad na aking puputulin para di na iyon gumana. Inabot sa akin ng aking kaibigan ay isang plays na mahirap gamitin. Sobra ang takot

ko na baka magkamali ako at biglang sumabog ang mga armas, ngunit bilang lider, wala akong magawa kundi gawin ang aking trabaho. Nalaman ko ang tamang kawad na dapat putulin at aking pinutol. Buti na lang iyon nga ang tama.

Umatras ako at sinabi sa aking mga kasama, "Nagawa ko!" Pinagpapawisan sila sa pagod at takot. Kami ay nalugod ngunit may isa pang dapat gawin: ibahin ang direksyon ng mga armas bilang dagdag ingat. Aking sinabihan ang aking mga kaibigan na magmatiyag at magbantay habang tinatapos ko ang aking ginagawa.

Ako ay lumuhod at ginalaw ang una, tapos yung pangalawa, at yung pangatlo. Sa aking pagtayo, sumabog ang lupa na tinutungtungan ko. Tumilapon ako sa pwersa at lakas ng pagsabog. Naging parang trapo ako sa lupa. Hindi ko alam kung ano ang nangyari. Nakaamoy ako ng sunog, at nalaman ko na ito pala ay amoy ng sarili kong laman. Nalasahan ko ang dugo at puno ng dumi ang aking bibig. Naisip ko na baka sumabog ang isa sa mga *missiles* o inatake kami ng aming kaaway.

Matapos ay naramdaman ko ang sakit. Matinding sakit na umalma sa buo kong katawan. Bago ko mapansin ang aking sarili, nawalan na ako ng malay. Pakiramdam ko'y pira-piraso na ako. Sinubukan ko pa din tumayo pero hindi ko makaya. Naisip ko na lang bigla- ako ay mamamatay na. Ngayon, totoong mamamatay na ako. Natakot ako. Ano ang mangyayari sa akin kapag ako'y mamatay? Sigurado ako na sa impiyerno ang bagsak ko! Ano ang magagawa ko? Pinigilan ko ang aking hininga at pakiwari'y lalabas na ang aking sariling kaluluwa.

Nagsimula akong manalangin para sa ginhawa ng aking mga magulang at kaibigan. Pagod at puno ng takot, tumingala ako at tinanaw ang kalangitan. Sa itaas ng kalangitan, nakita ko ang isang maliit na ulap. Pagkatapos ay aking naisip: tanging si Hesus lamang ang aking pag-asa. Kahit na naniniwala ako sa mga santo, alam kong hindi nila

ako kayang iligtas ngayon. Umiyak ako ng buo kong puso at sinabi, “Hesus, alam kong buhay ka, at alam kong totoo ka. Iligtas mo ako at dalhin sa langit. Ayaw kong pumunta sa impiyerno. Patawarin mo lahat ng aking mga kasalanan. Ako’y makasalanang walang pag-asa. Ayaw kong mamatay!”

Pinilit kong mabuhay pa kahit na palagi kong inaasam na ako’y mamatay na. Sa oras na iyon, nakita ko kung gaano ka-importante at kahalaga ang buhay. Patuloy ako sa pananalangin kay Hesus, “Kung ako’y iyong ililigtas at bubuhayin, ako ay magiging sayo habang buhay. Paglilingkuran kita, susundin, at sasabihin sa iba ang patungkol sa iyo.”

Matapos ng aking panalangin, nakarinig ako ng boses gaya ng hangin galing langit. Dumampi iyon sa akin, at ako’y nakaranas ng kapayapaan at kaligayahan sa aking katawan at puso. Bagong lakas ang pumuno sa aking katawan, at nagsimula akong tumawa at binigyang puri ang Diyos gamit ang malakas na tinig. Ano ang nangyayari sa akin?
Ako ay biglang nabago! Sinubukan kong umupo; at ngayon ay madali ko itong nagawa. Tiningnan ko ang aking katawan. Puno ito ng dugo. Nakita ko ang aking kaliwang binti, sunog at matatanggal na. Basag ang buto at durog. Ang isa kong binti naman ay duguan, at sugatan ang laman sa likod ng tuhod pababa. Nag-umpisa akong sumigaw, “Wala na ang aking binti! Wala na ang aking binti! Ngunit ako’y buhay! Salamat, Panginoon. Salamat, Hesus.”

Tinali ko ang aking binti para humupa ang pagdugo nito, at sumigaw sa aking mga kaibigan na nagpapaputok ng kanilang armas sa kahit saang direksiyon sa pagkaka-akalang sinugod kami ng kaaway. Inakala din nila na ako’y patay na. Noong narinig nila ang boses ko, sumaklolo sila sa akin na may kasamang gulat. Nang makita nila akong nakangiti at narinig na tumatawa, akala nila’y nababaliw na ako. Isa sa kanila ang nagsabi, “Nabagok siguro ang kanyang ulo at

naapektuhan ang kanyang utak.” Sila ay aking ginawang kampante ng makita ko ang kanilang naguguluhang mukha. Hindi nila maintindihan ang nangyari sa aking pagbabago. Mabilis nilang tinawagan ang *High Command* at humingi ng medikal na tulong at ambulansiya. Samantala, nalaman namin na hindi ang mga pasabog ang pumutok, at hindi din kami nilusob ng kaaway. Ako pala ay nakatapak sa pasabog sa lupa buong oras na inaayos ko ang mga armas ng kalaban; nang aking itaas ang aking paa, ito ay sumabog.

Bumaba kami ng bundok kasama ang aking mga kaibigan na hawak hawak ang aking binti. Matinding sakit ang aking naramdaman bawat segundo. Ang aming daan ay mapanganib; isang maling hakbang ay maaaring kumitil ng aming buhay. Ang mga lalaking pumapasan sa akin ay sumusunod sa isang lider, na tumitingin sa mga bato na pwede naming tapakan. Nakakatakot ito para sa kanila. Noong kami’y nasa paanan na ng bundok matapos ang isang oras, sila’y lubos na napagod. Pwede kong ikamatay ang pagdudugo pero nakayanan ko. Sa kabila ng sakit, mayroong kapayapaan sa aking puso at ako’y naging kalmado.

May isang ambulansyang naghihintay. At ako’y binigyan ng kaagarang lunas, isang gamot na pangturok para sa sakit at yung mga nag-aalaga sa akin ay pinanatili akong gising. Noong kami’y nakarating na sa ospital, ang mga kakilala kong nars ay di ako namukhaan, sapagkat sunog ang aking mukha, puro sugat, at natatabunan ng dumi at dugo.

Matapos ang operasyon ako’y nagkamalay na. Nakahimlay ako sa isang kama, sapin ng isang puting kumot, at ramdam ko ang sobrang sakit sa aking binti. Inalis ko ang kumot sa aking kaliwang binti at doon nakita ko na ito’y putol hanggang sa tuhod. Ito’y nagsanhi sa akin ng lubusang kalungkutan at nagsimula akong lumuha. Hindi pa ako handang tanggapin ang katotohanan. Lahat ng aking pamilya ay nakapalibot sa akin, lahat sila’y umiiyak. Sinubukan nilang pagaanin ang aking loob ngunit ito’y walang epekto.

Sukdulan ang sakit na aking naramdaman sapagkat nawala na ang bisa ng anestisya. Isa sa aking mga kapatid na babae, isang nars sa ospital, ay binigyan ako ng gamot para sa sakit, ngunit walang makapamanhid ng aking kalungkutan.

Ako'y nanatili muna sa ospital sa loob ng dalawang buwan. Sa panahong iyon, ako'y regular na binibisita ng kaibigan ng aking kapatid. Inilarawan ko ang sobrang saya at galak na aking naramdaman matapos ang pagsabog. Hindi ko naintindihan ito nung una ngunit sabi nila ito daw ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang nagbibigay ginhawa na ipinadala ni Hesus para ako'y tulungan at bigyang katiyakan ang aking kaligtasan.

Ikinuwento ko sa lahat ng aking bumibisitang kaibigan ang tungkol sa mga nangyari at kung ano ang ginawa ng Diyos sa buhay ko. Ang buong kwarto ko ay ni-minsan hindi nawalan ng tao, nandoon ang aking mga kaibigan, kapamilya at syempre ang mga Kristiyanong nagsilbing malaking tulong at nagpalakas ng aking loob. Araw-araw kaming nananalangin at masayang pinag-aaralan ang Bibliya. Sa totoo lang, nung ako'y nasa ospital, ang madalas kong ginagawa ay basahin ang Bibliya. Sa kauna-unahang pagkakataon, naintindihan ko ang aking binabasa.

Pinakinggan ko ang aking mga kapatid na babae at iba pang mananampalataya sa kanilang pag-kuwento sa akin ng kani-kanilang mga patotoo kung paano nila tinanggap si Kristo bilang tagapaligtas nila. Bawat isa sa kanila ay may iba't ibang karanasan. Aking naisip kung ang aking karanasan nga ba ay totoo. Kailangan ko din bang maranasan ang kanilang naranasan, o makita ang kanilang nakita? Natutunan ko na kahit na may iba't ibang emosyonal na karanasan ang bawat isa sa pagtanggap kay Kristo, lahat ay pare-pareho sa espirituwal na karanasan. Bilang isang bagong anak ng Diyos, mayroon akong pribilehiyong dalhin ang kanyang pangalan, at magtamo ng buhay na walang hanggan.

Nung tuluyan nang humilom ang aking sugat at kaya ko nang mabuhay kahit walang tulong medikal ng ospital, ako ay umuwi na. Ito ay mahirap para sa akin, sa aking pamilya at kaibigan. Kinakailangan kong manatili sa aking kama sa karamihan ng oras. Kinakailangan ko ng katulong para lang makagalaw at makaupo sa silya. Ang pakikiayon sa ganitong klaseng buhay ay sobrang hirap. Sa kabila ng paghihirap, lumago ang aking relasyon kay Hesus at hindi ako nagpalagpas ng oportunidad na ibahagi sa aking mga bisita kung paano ako iniligtas ni Hesus.

Kapag ako ay napapag-isa, nai-isip kp at nag-aala ako para sa aking kinabukasan. Bakit ko dinadaanan ang lahat ng ito? Bakit sobrang pighati? Paano ako mabubuhay kung wala akong binti? Ano ang iisipin ng mga tao sa akin? Paano ako magpapatuloy mabuhay na may kapansanan? Ako'y nag-umpisang i-ahon ang aking buhay; kinakailangan ko ng pagkukunan ng aruga at kalinga. Ako'y laging umaasa sa tulong ng iba. Napag-isip-isip ko na hindi lang pisikal na tulong, ngunit kailangan ko din ng emosyonal, mental, at sosyal na tulong. Ang ambisyom ko sa buhay ay nagbago. Sa Lebanon, kagaya din ng ibang mahirap na bansa, walang batas para sa proteksyon ng mga taong may kapansanan. Ang mga taong gaya ko ay walang karapatan sa tulong pangkalusugan, edukasyon, trabaho, nagbibigay aliw na mga aktibidades, independenteng buhay, transportasyon at iba pang bagay. Pakiramdam ko ay wala akong kwenta at tinatakwil. Paano ako magpapatuloy mabuhay sa aking sitwasyon?

Patuloy akong nanalangin dahil ang aking pag-asa ay kay Hesus. Siya ang nagligtas sa akin. Nawala ang aking binti ngunit nakita ko ang aking buhay. Hindi ako manantili habambuhay sa impiyerno. Nagkakaroon ako ng sigla sa aking araw-araw na pagbabasa ng Bibliya at sa palagiang pananalangin ng aking mga kapatid na babae at iba pang

mananampalataya. Sa patuloy kong pakikinig at pagbabasa ng Bibliya, gumawa ng himala si Hesus.

Isang gabi, pagkatapos kong umiyak sa aking unan, dumating si Hesus sa aking panaginip at ito ay nagdulot ng matinding liwanag sa aking kwarto. Nakita ko ang aking sarili sa langit na mayroong di-kapanipaniwalang kagalakan. Ako'y naglalakad sa mahabang damong buhay! Sa bawat oras na tinatapakan ko ito, di ito nasisira o namamatay. Sa halip, ito'y kaagarang lumago gaya ng dati. Nakita ko ang aking binti na lumalago hanggang ito'y naging perpekto. Iyon ay napakahiwagang pangitain na pumuno sa akin ng di mapaliwanag na kagalakan.

Nagising ako na may kakaibang pakiramdam na ang aking binti ay naroon pa rin. Binuksan ko ang Bibliya at may isang talata na aking napagtuunang-pansin, "Sa anumang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anumang paraan ni hindi kita pababayaan." Sinara ko ang Bibliya at binuksan ko muli at bumulagta sa akin ang parehong talata. Alam kong nangungusap sa akin ang Diyos. Nagtanim Siya ng bagong pag-asa sa aking puso, at naintindihan ko na may nakalaang perpektong katawan ang Diyos na kung saan ay hindi mamamatay o masisira. Nakuntento ako at nakumbinsi na ang Diyos ay ginagawa ang lahat para sa ikabubuti ng aking buhay. Oo, nawalan nga ako ng binti ngunit mayroon akong buhay na wlang hanggan! Sabi nga sa Mateo 5:30, *"Sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mapasa impyierno."*

Noong binasa ko muli ang Bibliya, may espesyal na bersikulo na ibinigay ang Diyos na nagbigay liwanag sa tawag Niya sa aking buhay. Ang talata ay sa Awit 117:17-18, *"Hindi ako mamamatay, kundi mabubuhay, at magpapa - hayag ng mga gawa ng Panginoon.. Pinarusahan akong mainam ng Panginoon; nguni't hindi niya ako ibinigay sa kamatayan."* Binago ko ang aking desisyon noong ako ay nasa bingit ng kamatayan sa naganap na pagsabog: *Ako ay*

susunod at maglilingkod sa kanya ng buong buhay ko. Ako'y muling tatakbo hindi lang sa pisikal kundi sa espirituwal.

MGA HULING SALITA

Maraming beses kong narinig ang ganitong kasabihan habang ako'y tumatanda: "Sa bawat taong namamatay, isang bituin ang nahuhulog sa kalangitan." Kada makikita mo ang isang bulalakaw ibig sabihin ay may namatay. Sa aking kaso, si Hesu-Kristo, ang Ilaw ng mundo (Juan 8:12), ang may hawak ng bituin ko at pinipigilang mahulog para magpatuloy sa pagningning. Ang liwanag ko ay magniningning magpakaylanman, dahil ang pinagmumulan ng liwanag nito ay ang walang hanggang Ilaw, si Hesu-Kristo mismo. (Mateo 5:14)

Roma 5:1-5 *"Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo; Sa pamamagitan din naman niya'y nangagkaroon tayo ng ating pagpasok sa pamamagitan ng pananampalataya sa biyayang ito na diyan ay nagsisilagi tayo; at nangagagalak tayo sa pagasa ng kaluwalhatian ng Diyos. At hindi lamang gayon, kundi naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan; At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pagasa: At ang pagasa ay hindi humihiya; sapagka't ang pag-ibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin.*

Bilang batayan ng aking patotoo na kung saan ginawa ng Diyos ang isang pisikal na trahedya na isang espirituwal na pagpapala, ako'y naniniwala na kailangang masumpungan ng bawat tao ang Diyos, para makilala Siya ng personal at matagpuan ang pag-asa sa hinaharap.
Tanging si Hesus lamang ang makakapagligtas at makakapagpagaling sa iyo.
Tanging si Hesus lamang ang makapagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao. (Juan 3:16)

Tanging si Hesus lamang ang makapagbibigay ng kapayapaan at makakapagbalik sa mga nasirang pamilya.
Tanging si Hesus lamang makakapagsama ng lobo at tupa.
Tanging si Hesus lamang ang makadadala sa mga Hudyo at Arabo na magsamang may katiwasayan.
Tanging si Hesus lamang ang makakapagsakatuparan ng pangako ng Diyos para iligtas ang mga nasyon.
Nananawagan si Hesus na tumakbo at ipanalo ang karera at mapanalunan ang walang kapantay na premyo: “Buhay na walang hanggan”.

Inaanyayahan kitang pagtiwalaan si Hesus, imbitahin Siya sa iyong puso nang magkaroon ng pag-asa ngayon at magpakaylanman. Sa Roma 5:6-8, sinabi ni Pablo, *“Sapagka't nang tayo ay mahihina pa ay namatay si Cristo sa kapanahunan dahil sa mga masama. Sapagka't ang isang tao'y bahagya nang mamatay dahil sa isang taong matuwid: bagama't dahil sa isang taong mabuti marahil ay may mangangahas mamatay. Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin.”*

Ang kwentong ito ay hindi lamang para sa mga taong biktima ng digmaan. Ito ay para din sa mga taong biktima ng iba pang uri ng karahasan, mga taong nawalan ng ambisyon at pag-asa para mabuhay. Sa kabila ng poot, galit, digmaan, at krimen na nagdudulot ng sakit at pag-durusa, ang biyaya ng Diyos ay sapat sa iyo. Kaya ng Diyos isagawa ang mababuting bagay galing sa imposibleng mga sitwasyon. *“At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa.” Roma 8:28*
Hindi lamang ako niligtas ni Hesus sa epiritwal, kundi binigyan din niya ako ng kakayanang tumakbo gamit ang artipisyal na paa at gamitin iyon sa pagtakbo para sa Kanyang kapurihan at nais.

Ang tawag ko ay ipahayag ang mga gawa ng Panginoon.
(Awit 118:17-18)

Kung maaari ay gusto namin kayong makasama sa pinansyal.
Maaari po kayong magpadala ng tseke sa:

Running For Hope, Inc.
5414 W Calumet Rd.
Milwaukee , WI 53223

Para sa karagdagang impormasyon patungkol sa
Running For Hope, Inc.,
pumunta sa aming website:
www.runningforhope.com.
Telepono: 414-6871571

Ang kapayapaan ng Diyos ay mapasainyo!
Rev. Elie Hasbani

TUMATAKBO PARA SA PAG-ASA

Sundalong naging bituing nagniningning



Elie Hasbani